Konseho sa Kawalan ng Tirahan ng Contra Costa
FAQ sa Pag-recruit

Na-edit noong 9.2.22

Ano ang Konseho sa Kawalan ng Tirahan?

Nagsisikap ang Konseho sa Kawalan ng Tirahan na pahusayin ang lokal na pagtugon sa kawalan ng tirahan sa Contra Costa County.

Hinihimok ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan ang lahat ng miyembro ng komunidad na mag-apply para sa isang puwesto. Nilalayon ng Konseho na isali ang hangga't maaari ay malawak na representasyon ng mga kakayahan, edad, mga pagkakakilanlang seksuwal at pangkasarian, mga katayuan ng pandarayuhan, at mga pinagmulan ng lahi, etniko, at kultura, at heograpiko sa loob ng County. Ang mga indibidwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan sa kanilang buhay at/o ang sistemang pangkatarungan ay hinihikayat na mag-apply.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan at gawain nito sa pagsuporta at pamamahala sa Pagpapatuloy ng Pangangalaga (Continuum of Care, CoC), kasama ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo, programa, pagpopondo, at pagganap ng CoC, pumunta sa https://cchealth.org/h3/#Council.

Sino ang Pinaglilingkuran ng CoC?

Konseho sa Kawalan ng Tirahan ng Contra Costa
FAQ sa Pag-recruit

Na-edit noong 9.2.22



Ano ang ginagawa ng Mga Miyembro ng Konseho?

Ang Mga Miyembro ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan ay:

- Dumadalo sa mga kinakailangang buwanang pagpupulong, lumalahok sa mga subcommittee, at dumadalo sa mga pagpupulong sa Pangkalahatang Membership kada quarter
- Nagbibigay ng payo at input tungkol sa mga pagpapatakbo at pagpapaunlad sa serbisyo sa kawalan ng tirahan
- Sumusuri at nagbibigay-priyoridad sa mga aplikasyon sa proyekto para sa ilang pinagmumulan ng pagpopondo
- Kumukuha at sumusuri ng impormasyon upang matukoy ang mga lokal na pangangailangan
- Nagbibigay-kaalaman sa komunidad at mga tagagawa ng patakaran tungkol sa mga isyu na nauugnay sa kawalan ng tirahan

- Sumusukat sa pagganap ng sistema sa pagtugon sa kawalan ng tirahan
- Nagbibigay ng gabay tungkol sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng pangmatagalang pagpaplano at pagbuo ng patakaran na nauugnay sa pabahay at kawalan ng tirahan

Makikilahok ang Mga Miyembro ng Konseho sa isang masusing proseso ng oryentasyon at magkakaroon sila ng access sa mga regular na pagsasanay, teknikal na tulong, at suporta sa kawani ng H3 upang tulungan silang maisagawa ang kanilang mga responsibilidad nang matagumpay.

Sino ang Maaaring Mag-apply?
Ang lahat ng miyembro ng Konseho ay dapat nakatira o nagtatrabaho sa Contra Costa County athandang lumagda at sumunod sa patakaran sa Kodigo ng Pag-uugali at Salungatan ng Interes kapag umupo sa puwesto bilang miyembro ng Konseho at taun-taon pagkatapos nito.

Ano ang mga katangiang hinahanap ng Konseho sa isang aplikante?
Ang Konseho ay binubuo ng 19 na puwesto na itinatalaga ayon sa larangan ng kadalubhasaan. Ang mga aplikante ay dapat umangkop sa paglalarawan ng bakanteng puwesto na pipiliin nila sa panahon ng proseso ng aplikasyon (Mangyaring tingnan ang “Anong mga puwesto ang bakante?” sa ibaba para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga puwesto na kasalukuyang bakante). Ang mga aplikante para sa Konseho ay dapat ding makasunod sa mga patakaran sa Salungatan ng Interes at Kodigo ng Pag-uugali.

Mas gusto ng Konseho ang mga aplikante na may:

- Mga partikular na kasanayan, ugnayan, o mapagkukunan na nauugnay sa bakanteng puwesto sa panahon ng yugto ng aplikasyon (Mangyaring tingnan ang “Anong mga puwesto ang bakante?” sa ibaba para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga puwesto na kasalukuyang bakante).
- Paunang karanasan bilang lupon/boluntaryo o karanasan sa pamumuno sa mga larangan ng kawalan ng tirahan o pag-adjust ng walang tirahan
- Kasalukuyan o nakaraang naranasan sa kawalan ng tirahan
- Mga koneksyon sa mga organisasyon o ahensya na naglilingkod sa iba't ibang sub-population ng walang tirahan (gaya ng matitinding hamon sa paggamit ng droga, mga indibidwal na may malubhang sakit sa pag-iisip, mga indibidwal na nakakaranas ng talamak na kawalan ng tirahan, mga taong may HIV/AIDS, mga beterano, mga pamilyang may mga anak, mga kabataang walang kasama, mga nakatatanda, at mga biktima ng karahasan sa tahanan (kabilang ang karahasan sa pakikipag-date, seksuwal na pananalakay, at pagmamanman)
- Mga koneksyon sa pamahalaan at mga organisasyon na nakabase sa komunidad na hindi kasalukuyang konektado sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan
- Ipinakitang kaalaman at kritikal na pag-iisip tungkol sa kung paano matutugunan ang kawalan ng tirahan sa Contra Costa
- Natatanging kadalubhasaan, mga opinyon, at mga pananaw tungkol sa mga isyu sa kawalan ng tirahan

- Nakaraang aktibong pakikilahok sa mga pagpupulong ng mga sistema (kabilang ang mga pagpupulong ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan, Pagpapatuloy ng Pangangalaga, o Lupon ng Pagpapayo sa Mga Kabataan) at kakayahang bumuo ng mga rekomendasyon o saloobin bilang resulta ng pakikilahok sa pagpupulong
- Pagtuon sa Mga Gabay na Prinsipyo ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan at diskarteng Pabahay Muna (Housing First)
- Kakayahang maging aktibong kalahok sa mga pagpupulong ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan at kakayahang umangkop sa mga pinahahalagahan ng komunidad at CoC

Nilalayon ng Konseho na isali ang hangga't maaari ay malawak na representasyon ng mga kakayahan, edad, mga pagkakakilanlang seksuwal at pangkasarian, mga katayuan ng pandarayuhan, at mga pinagmulan ng lahi, etniko, at kultura, at heograpiko sa loob ng County. Ang mga indibidwal na nakaranas ng kawalan ng tirahan sa kanilang buhay at/o ang sistemang pangkatarungan ay hinihikayat na mag-apply.

Gaano katagal ako maglilingkod?
Ang mga miyembro ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan ay naglilingkod sa loob ng dalawang taong termino, na maaaring i-renew.

Ano ang pangako sa oras?
Ang mga pagpupulong ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan ay nagaganap sa unang Huwebes ng buwan mula 1 pm – 3 online. Ang mga pagpupulong ng Pagpapatuloy ng Pangangalaga ay nagaganap kada quarter. Ang mga miyembro ng Konseho ay lumalahok din sa iba't ibang subcommittee.

Saan ko malalaman pa ang tungkol sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan?
https://cchealth.org/h3/#Council

Aling mga puwesto ang bakante?
Ang mga sumusunod na puwesto ay tumatanggap ng mga aplikasyon:

- **Kinatawan ng Developer ng Abot-kayang Pabahay:** Ang mga aplikante ay nagtatrabaho dapat para sa isang developer ng abot-kayang pabahay sa Contra Costa County. Hihilingin sa kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanyang kaalaman tungkol sa pag-develop ng abot-kayang pabahay sa panahon ng mga proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga developer ng abot-kayang pabahay sa komunidad.
- **Kinatawan ng Kalusugan ng Pag-uugali:** Ang mga aplikante ay nagtatrabaho dapat sa larangan ng kalusugan ng pag-uugali sa Contra Costa County (halimbawa: suporta sa peer, clinician, tagaplano ng kalusugan ng pag-uugali sa antas ng sistema). Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa larangan ng kalusugan ng pag-uugali at paglilingkod sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan na may mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-uugali sa panahon ng proseso ng pagpapasya. Hihilingin din sa kinatawang ito na ibahagi ang

impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga indibidwal na lokal na nagtatrabaho sa larangan ng kalusugan ng pag-uugali.

- **Kinatawan ng Pamahalaan ng Lungsod:** Ang mga aplikante ay nagtatrabaho dapat para sa isang pamahalaan ng lungsod na matatagpuan sa Contra Costa County. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa mga lokal na pamahalaan ng lungsod sa panahon ng proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga lungsod sa buong komunidad.
- **Kinatawan ng Mga Pang-edukasyon at Bokasyonal na Serbisyo:** Ang mga aplikante ay nagtatrabaho dapat para sa isang ahensya na nagbibigay ng mga pang-edukasyon at/o bokasyonal na serbisyo sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa Contra Costa County. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa mga pang-edukasyon at bokasyonal na serbisyo sa panahon ng proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho ng Kawalan ng Tirahan sa mga provider ng mga pang-edukasyon at bokasyonal na sebisyo sa buong komunidad.
- **Kinatawang Ginawaran ng Gawad sa Mga Solusyong Pang-emergency (Emergency Solutions Grant, ESG):** Ang mga aplikante ay nagtatrabaho dapat sa isang ahensya na kasalukuyang nakakatanggap ng pagpopondo ng Gawad sa Mga Solusyong Pang-emergency sa Contra Costa County. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa Gawad sa Mga Solusyong Pang-emergency at mga lokal na provider na pinopondohan ng ESG sa panahon ng proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga provider na pinopondohan ng ESG sa buong komunidad.
- **Kinatawan ng Pangangalagang Pangkalusugan:** Ang mga aplikante ay dapat may malalim na koneksyon sa larangan ng pangangalagang pangkalusugan sa Contra Costa. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa larangan ng pangangalagang pangkalusugan at paglilingkod sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan na may mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng mga proseso ng pagpapasya. Hihilingin din sa kinatawan na ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tahanan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa buong komunidad.
- **Kinatawan ng Provider ng Serbisyo para sa Walang Tirahan:** Ang mga aplikante ay nagbibigay dapat ng pabahay at/o mga serbisyo sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa Contra Costa County. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa mga provider ng serbisyo para sa walang tirahan sa panahon ng mga proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga provider ng serbisyo para sa walang tirahan sa buong Contra Costa.
- **Tagapayo sa Naranasan:** Ang mga aplikante ay dapat mayroong kasalukuyan o nakaraang naranasan sa kawalan ng tirahan. Hihilingin sa Tagapayo sa Naranasan na ibahagi ang kanyang pananaw at kaalaman habang nakikilahok sa mga proseso ng pagpapasya at tumulong na palakasin ang mga boses ng mga taong nakaranas ng kawalan ng tirahan sa Contra Costa County.

- **Kinatawan ng Administrasyon ng Mga Beterano:** Ang aplikante ay dapat empleyado ng Administrasyon ng Mga Beterano. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa Administrasyon ng Mga Beterano at pagbibigay ng pabahay/mga serbisyo para sa mga beterano na nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa panahon ng mga proseso ng pagpapasya at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa Administrasyon ng Mga Beterano.
- **Kinatawan ng Pagpapaunlad sa Manggagawa:** Ang mga aplikante ay dapat may malalim na koneksyon sa larangan ng pagpapaunlad sa manggagawa sa Contra Costa. Hihilingin sa mga kinatawan sa posisyong ito na ibahagi ang kanilang kaalaman tungkol sa pagpapaunlad sa manggagawa at ibahagi ang impormasyon mula sa Konseho sa Kawalan ng Tirahan sa mga ahensya na lokal na nagtatrabaho sa pagpapaunlad sa manggagawa.
- **Kinatawan ng Mga Kabataan**: Ang mga aplikante ay dapat 17 hanggang 24 na taong gulang at nakaranas ng kawalan ng tirahan. Hihilingin sa Kinatawan ng Mga Kabataan na ibahagi ang kanyang pananaw at kaalaman habang nakikilahok sa mga proseso ng pagpapasya at tumulong na palakasin ang mga boses ng mga taong nakaranas ng kawalan ng tirahan, lalo na ang mga kabataan, sa Contra Costa County.

Paano ako mag-a-apply?

Kung interesado kang mag-apply upang maging miyembro ng Konseho sa Kawalan ng Tirahan,

- Mag-click dito: https://forms.office.com/g/5KDTTx6ypJ upang kumpletuhin ang paunang aplikasyon. Kapag natanggap na ito, papadalhan ka ng link upang kumpletuhin ang isang online na aplikasyon na kinakailangan ng Lupon ng Mga Superbisor ng County.
    - DAPAT mong kumpletuhin ang parehong aplikasyon upang maisaalang-alang

Kung kailangan mo ng mga matutuluyan, mangyaring makipag-ugnayan kay Jaime Jenett, Kawani sa Konseho, sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa cchomelesscouncil@cchealth.org o pagtawag o pagpapadala ng text sa 925-464-0152

Gaano katagal tatanggapin ang mga aplikasyon?

- Dapat matanggap ang parehong aplikasyon sa Biyernes, Setyembre 30, 2022.

Kailan ko malalaman kung nakakuha ako ng puwesto sa Konseho?

- Inaasahan naming ipaalam sa mga tao ang katayuan ng kanilang mga aplikasyon pagkatapos ng Nobyembre, 3, 2022.

Kanino ako makikipag-ugnayan kung mayroon akong mga tanong?

Email: cchomelesscouncil@cchealth.org
Telepono: 925-464-0152